

## **Lungsod ng Brampton sa AMO 2022 Taunang General Meeting at Kumperensya: itinataguyod ang transportasyon, kalusugan at kasaganaan sa hinaharap**

BRAMPTON, ON (Agosto 12, 2022) – Mula sa Agosto 14 hanggang 17, ang isang delegasyon mula sa Lungsod ng Brampton ay lalahok sa Taunang General Meeting at Kumperensya ng 2022 Association of Municipalities (AMO). Pinamunuan ni Mayor Patrick Brown, ang Mga Miyembro ng Konseho at mga Opisyal ng Lungsod ay sasali sa mga Ministro ng pamahalaan, mga opisyal at mga mahalagang stakeholder sa buong probinsya tungkol sa mga isyu na mahalaga sa Brampton.

Habang ang Lungsod ay patuloy na umaabante mula sa pandemyang COVID-19 at nagsisikap para makabuo ng mas mahusay at mas malakas na Brampton, mga prayoridad na magha-highlight sa pagtiyak sa malusog, umuunlad at masaganang komunidad. Kabilang dito ang:

- **Pagtayo ng mas mahusay na transportasyon** – panatilihin ang umiiral na serbisyo, mamuhunan sa strategic green infrastructure mga proyekto at palalawakin ang mas mataas na order transit.
- **Mas pagpapahusay sa health care** – magkamit ng agarang pondo para mapupunan ang gap sa health care para matugunan ang kasalukuyan at lumalaking mga pangangailangan ng komunidad.
- **Pagpapalakas sa ekonomiya** – suportahan ang inobasyon at pagbabago sa teknolohiya ng Lungsod, hikayatin ang de kalibreng mga pamumuhunan, padaliin ang mga proyekto sa imprastruktura at tiyakin ang pagsasali sa lahat.
- **Pagpapamalas ng aksyon sa klima at pagka-sustainable** – pasulungin ang mga prayoridad sa aksyon sa klima, kabilang ang pagtataguyod sa transit at mga oportunidad sa aktibong transportasyon, pagbabawas sa greenhouse gas emissions, pagtuon sa katipiran sa enerhiya, a pagpapasigla sa mga espasyo at sa urban tree canopy.
- **Paghahatid ng mas maraming mapagpipilian sa pabahay** – tugunan ang pabahay sa isang komprehensibong paraan para matiyak na makahanap ang mga residente ng pabahay na abot-kaya nila, dagdagan ang pagiging abot-kaya ng pabahay sa pamamagitan ng pag-aalok ng mas maraming mapagpipilian sa pabahay at bigyan ng incentive ang tamang mga uri ng suplay ng pabahay.

Para malaman ang iba pa tungkol sa mga mahalagang prayoridad ng Lungsod, mag-click [dito](#).

### **Mga Quote**

“Ang Brampton ay ang pinakamabilis na lumalaki sa 25 pinakamalaking lungsod sa Canada, at habang patuloy nating ipinapatupad ang mga leksyon na natutunan mula sa pandemyang COVID-19, dedicated tayo sa pagtayo ng matibay at epektibong mga partnership sa ibang mga lebel ng pamahalaan para matiyak na tayo ay umuunlad at masaganang komunidad. Nagpapasalamat ako sa suporta na ipinakita ng Lalawigan sa atin sa buong Termino ng Konseho na ito, at sa kanilang commitment sa

pagpapahusay sa ating lungsod. Inaasahan ko ang patuloy na pakikipagtulungan sa kanila at sa lahat ng partner para matupad ang malaking potensyal ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang staff ng Lungsod ng Brampton ay committed sa pagsuporta sa Prayoridad ng Termino ng Konseho: ang Brampton ay isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, sa pamamagitan ng pagtuon sa mga oportunidad sa adbokasiya at pakikipagtulungan sa ating mga partner sa pamahalaan para isulong ang mga proyekto at mga inisyatiba para sa ating mga residente. Ang trabaho na patuloy nating ginagawa kasama ang Lalawigan ng Ontario ay gumaganap ng mahalagang papel sa kinabukasan ng ating lungsod. Inaasahan natin ang pagsali ng ating mga kasamahan sa kumperensya at tumatalakay sa mga mahalagang prayoridad para sa ating komunidad.

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

**KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)